Child Dental Benefits Schedule

Ang Child Dental Benefits Schedule (CDBS) ay nagbibigay ng access sa mga benepisyo ng mga pangunahing serbisyo sa ngipin para sa mga bata at teenager na may edad na 2 hanggang 17 taon.

Pagiging Kwalipikado

Makakatanggap ka ng isang liham na magkukumpirma kung kwalipikado ang iyong anak para sa CDBS.
Tinatasa ang pagiging kwalipikado sa simula ng bawat taon ng kalendaryo, at tumatagal ang bisa nito nang isang buong taon.
Kwalipikado ang isang bata kung:

- siya ay 2–17 taong gulang sa loob ng kahit 1 araw lang ng taon ng kalendaryo
- kwalipikado siya para sa Medicare, at
- nakakatanggap ka o siya ng tulong mula sa Pamahalaan ng Australia.

Mga uri ng mga tulong

Tumatanggap ng tulong	Natatanggap na tulong
Magulang, tagapag-alaga, o tagapangalaga ng bata	• Family Tax Benefit Part A • Parenting Payment or Double Orphan Pension • ABSTUDY • Family Tax Benefit Part A • Carer Payment • Disability Support Pension • Parenting Payment • Special Benefit
Bata o teenager	• Youth Allowance • Tulong pinansyal sa ilalim ng Veterans' Children Education Scheme (VCES), at hindi maaaring isama bilang isang dependent na anak ayon sa mga layunin ng Family Tax Benefit dahil siya ay16 na taong gulang pataas, o • Tulong pinansyal sa ilalim ng Military Rehabilitation and Compensation Act Education and Training Scheme (MRCAETS), at hindi maaaring isama bilang isang dependent na anak ayon sa mga layunin ng Family Tax Benefit dahil siya ay 16 na taong gulang pataas, o
Kapareha ng teenager	• Family Tax Benefit Part A, o • Parenting Payment

Mga benepisyong makukuha sa ilalim ng Child Dental Benefits Schedule

Ang mga benepisyo para sa mga pangunahing serbisyo sa ngipin ay may limitasyong $1000 para sa bawat bata sa loob ng 2 magkasunod na taon ng kalendaryo. Magsisimula ang 2 taong limitasyon sa unang beses na makatanggap ang isang bata ng isang kwalipikadong serbisyo sa ngipin.

Kung hindi magagamit ng bata ang lahat ng kanyang $1000 na benepisyo sa unang taong ng pagiging kwalipikado, maaari niya itong gamitin sa ikalawang taon kung mananatili siyang kwalipikado. Hindi na magagamit ang anumang matitirang balanse sa pagtatapos ng ikalawang taon.
Ang mga benepisyo ay sumasaklaw ng iba't ibang serbisyo, kasama ang mga pagsusuri, X-ray, paglilinis ng ngipin, fissure sealing, pasta, root canal, at pagbunot.
Hindi maaaring gamitin ang mga benepisyo para sa orthodontic o cosmetic na gawain sa ngipin, at hindi maaaring bayaran para sa anumang serbisyong ibinibigay sa isang ospital.
Hindi maisasama ang mga serbisyo sa CDBS sa Medicare Safety Net, o sa mga limitasyon ng Extended Medicare Safety Net.

Proseso ng paggamit sa Child Dental Benefits Schedule

Maaari mong kumpirmahin ang pagiging kwalipikado ng iyong anak at ang halaga ng kanyang balanse gamit ang iyong Medicare online account sa **my.gov.au**, o sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng mga pangkalahatang tanong ng Medicare sa **132 011**.
Magpaiskedyul ng appointment sa isang pribado o pampublikong dental provider, at ipaalam sa kanya na kwalipikado ka para sa CDBS.
Sa panahon ng appointment, dapat munang talakayin sa iyo ng dentista ang panggagamot ng iyong anak at ang anumang nauugnay na gastusin bago niya ibigay ang mga serbisyo.
Pagkatapos nito, kailangan mong lumagda ng isang form ng pahintulot.
Kapag naibigay na ng dentista ang mga serbisyo, iba-bulk bill o sisingilin ka niya para sa mga nasabing serbisyo.

Pagkuha ng mga benepisyo sa ilalim ng Child Dental Benefits Schedule

Kung iba-bulk bill ka ng iyong dentista, hindi mo na kailangang magsumite ng claim.
Kung hindi ka niya iba-bulk bill, kailangan mong bayaran ang ilan sa mga bayarin, at kunin ang iyong benepisyo sa amin.
Maaari kang magsumite ng claim:

- sa klinika ng dentista sa electronic na paraan, kung nag-aalok ang iyong dentista ng electronic na pag-claim
- sa pamamagitan ng pag-download sa form ng claim ng Medicare at pagpapadala nito sa Department of Human Services, GPO Box 9822 sa iyong kapitolyo, o paghuhulog nito sa isang drop-box sa isa sa aming mga service center
- nang personal sa isang service center
- sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011.**

Hindi ka maaaring kumuha ng benepisyo sa CDBS at sa isang pribadong insurer ng kalusugan para sa iisang serbisyo sa ngipin.

Tingnan o i-update ang iyong mga detalye para sa Child Dental Benefits Schedule

Ibinabatay ang pagiging kwalipikado sa mga detalyeng hawak ng Centrelink at Department of Veterans' Affairs.
Kung magbabago ang iyong sitwasyon, kailangan mong i-update ang mga detalye ng iyong pamilya:

- sa pamamagitan ng iyong Centrelink online account sa **my.gov.au**
- sa pamamagitan ng pagtawag sa Department of Veterans' Affairs sa **133 254.**

Maaari mong i-update ang mga detalye ng iyong bank account sa Medicare gamit ang iyong Medicare online account sa pamamagitan ng myGov.

Para sa higit pang impormasyon

- pumunta sa **humanservices.gov.au/childdental** para sa higit pang impormasyon sa wikang Ingles
- pumunta sa **humanservices.gov.au/yourlanguage** kung saan magagawa mong magbasa, makinig, o manood ng impormasyon sa iyong wika
- pumunta sa **humanservices.gov.au/forms** para sa isang listahan ng aming mga form sa wikang Ingles
- tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin tungkol sa mga pagbabayad at serbisyo ng Centrelink sa iyong wika
- tumawag sa Translating and Interpreting Service (TIS National) sa **131 450** upang makipag-usap tungkol sa mga pagbabayad at serbisyo ng Medicare at Child Support sa iyong wika

Tandaan: ang mga tawag sa mga '13' number sa Australia mula sa iyong telepono sa bahay ay sinisingil sa isang nakatakdang rate. Maaaring maiba ang rate na iyon mula sa singilin sa isang lokal na tawag, at mag-iiba-iba rin sa pagitan ng mga telephone service provider. Libre ang mga tawag sa mga '1800' number mula sa iyong telepono sa bahay. Ang mga tawag mula sa mga pampublikong telepono at mobile phone ay maaaring orasan at singilin sa isang mas mataas na rate.

Disclaimer

Layunin lang ng impormasyon sa lathalaing ito na magsilbing isang gabay sa mga pagbabayad at serbisyo. Responsibilidad mong magpasya kung gusto mong mag-apply para sa tulong at gumawa ng aplikasyon batay sa iyong partikular na sitwasyon.

Child Dental Benefits Schedule

The Child Dental Benefits Schedule (CDBS) provides access to benefits for basic dental services for children and teenagers aged 2 to 17.

Eligibility

You'll get a letter to confirm if your child is eligible for the CDBS.
Eligibility is assessed at the start of each calendar year and is valid for the whole year.
A child is eligible if:

- they are aged 2–17 years for at least 1 day of the calendar year
- eligible for Medicare, and
- they or you are getting an Australian Government payment.

Types of payments

Payment recipient	Receives
Child's parent, carer, or guardian	• Family Tax Benefit Part A • Parenting Payment or Double Orphan Pension • ABSTUDY • Family Tax Benefit Part A • Carer Payment • Disability Support Pension • Parenting Payment • Special Benefit
Child or teenager	• Youth Allowance • Financial assistance under the Veterans' Children Education Scheme (VCES) and can't be included as a dependent child for the purposes of Family Tax Benefit because they are 16 years or older, or • Financial assistance under the Military Rehabilitation and Compensation Act Education and Training Scheme (MRCAETS) and can't be included as a dependent child for the purposes of Family Tax Benefit because they are 16 years or older
Teenager's partner	• Family Tax Benefit Part A, or • Parenting Payment

Benefits available under the Child Dental Benefits Schedule

Benefits for basic dental services are capped at $1000 per child over 2 consecutive calendar years. The 2-year cap period starts when a child first gets an eligible dental service.

If a child doesn't use all of their $1000 benefit in the first year of eligibility, they can use it in the second year if they are still eligible. Any remaining balance can't be accessed after the end of the second year.

Benefits cover a range of services including examinations, X-rays, cleaning, fissure sealing, fillings, root canals and extractions.
Benefits aren't available for orthodontic or cosmetic dental work and can't be paid for any services provided in a hospital.
CDBS services won't count towards the Medicare Safety Net or the Extended Medicare Safety Net thresholds.

Process for using the Child Dental Benefits Schedule

You can confirm your child's eligibility and balance amount using your Medicare online account at **my.gov.au** or calling the Medicare general enquiries line on **132 011**.
Make an appointment with a private or public dental provider and let them know you're eligible for the CDBS.
At the time of the appointment, the dentist must discuss your child's treatment and any related costs with you before providing the services. After this you need to sign a consent form.
When the dentist has provided the services, they'll bulk bill you or charge you for the services.

Claiming benefits under the Child Dental Benefits Schedule

If your dentist bulk bills, you don't need to submit a claim.
If your dentist doesn't bulk bill, you need to pay the account and claim your benefit from us.
You can submit a claim:

- electronically at the dental surgery, if your dentist offers electronic claiming
- by downloading the Medicare claim form and posting it to the Department of Human Services, GPO Box 9822 in your capital city, or placing it in the drop-box at one of our service centres
- in person at a service centre
- by calling **132 011.**

You can't claim a benefit under the CDBS and from a private health insurer for the same dental service.

Check or update your details for the Child Dental Benefits Schedule

Eligibility is based on details held by Centrelink and the Department of Veterans' Affairs.
If your circumstances change, you need to update your family details:

- through your Centrelink online account at **my.gov.au**
- by calling the Department of Veterans' Affairs on **133 254.**

You can update your bank account details with Medicare using your Medicare online account through myGov.

For more information

- go to **humanservices.gov.au/childdental** for more information in English
- go to **humanservices.gov.au/yourlanguage** where you can read, listen to or watch information in your language
- go to **humanservices.gov.au/forms** for a list of our forms in English
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- call the Translating and Interpreting Service (TIS National) on **131 450** to speak with us in your language about Medicare and Child Support payments and services

Note: calls from your home phone to ‘13’ numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to ‘1800’ numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application, with regard to your particular circumstances.